

# Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_  
20

## Mga sagot sa Pagpili ng tamang pandiwa

*Panuto:* Isulat sa patlang ang pandiwa na bubuo sa pangungusap. Pumili mula sa mga pandiwa sa kahon.

lumutang	humingi	natutunan	sinalubong	sabihin
dumalo	masdan	alamin	natulog	magwawalis
maghintay	nahimatay	hinahanap	dalhin	inutusan
nag-eehersisyo	humihinto	kalimutan	lakasan	tinanggap

1. Dito kayo maghintay para sa skin.
2. Hinahanap ng bata ang kanyang ina.
3. Si Rosario ay magwawalis ng sahig.
4. Ang pulubi ay nahimatay sa gutom.
5. Araw-araw nag-eehersisyo ang mga atleta.
6. Humingi ka ng paumanhin sa kanya.
7. Ang pulang lobo ay lumutang paitaas.
8. Ang mga dyip ay humihinto sa estasyon.
9. Sabihin sa akin ang totoo ngayon din!
10. Ano ang natutunan mo sa paaralan ngayon?
11. Masdan mo ang eroplano sa himpapawid.
12. Sinu-sino ang dumalo sa handaan kagabi?
13. Dalhin natin ang mga kagamitan sa silid.
14. Alamin mo kung kailan ang kaarawan niya.
15. Magiliw na sinalubong ni Danilo ang mga bisita.
16. Natulog nang mahimbing ang mga anak ni Delia.
17. Lakasan mo ang boses mo para marinig ka namin.
18. Huwag mong kalimutan ang aklat na ibabalik mo.
19. Inutusan ako ni Nanay na bumili ng tinapay sa tindahan.
20. Tinanggap ni Consuelo ang gantimpala para sa kanyang serbisyo.